CA H8677-001

# 2022
# Taunang Abiso sa mga Pagbabago

## Molina Dual Options Cal Medi-Connect Plan
## Medicare-Medicaid Plan

**California H8677-001**

Pinagsisilbihan ang mga sumusunod na county: Riverside, San Bernardino at San Diego

**Epektibo mula Enero 1 hanggang Disyembre 31, 2022**

MOLINA® HEALTHCARE

**Ang Molina Dual Options Cal MediConnect Plan Medicare-Medicaid Plan na iniaalok ng Molina Healthcare**

# *Taunang Abiso ng mga Pagbabago* para sa 2022

**Panimula**

Kasalukuyan kayong nakatala bilang miyembro ng Molina Dual Options. Sa susunod na taon, magkakaroon ng ilang pagbabago sa mga benepisyo, saklaw, at panuntunan ng plano. Nakasaad sa *Taunang Abiso ng mga Pagbabago* na ito ang tungkol sa mga pagbabago at kung saan makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga ito. Ang mga pangunahing termino at kahulugan ng mga ito ay nasa alpabetikong ayos sa huling kabanata ng *Handbook ng Miyembro*.

## Talaan ng Nilalaman

**A.** Mga Disclaimer ..... 3

**B.** Pagsusuri sa inyong saklaw sa Medicare at Medi-Cal para sa susunod na taon ..... 3

B1. Mga karagdagang mapagkukunan ..... 4

B2. Impormasyon tungkol sa Molina Dual Options ..... 4

B3. Mahahalagang bagay na dapat gawin: ..... 6

**C.** Mga pagbabago sa mga tagapagbigay ng serbisyo at parmasya na nasa network ..... 7

**D.** Mga pagbabago sa mga benepisyo para sa susunod na taon ..... 7

D1. Mga pagbabago sa mga benepisyo para sa mga serbisyong medikal ..... 7

D2. Mga pagbabago sa saklaw sa inireresetang gamot ..... 8

**E.** Paano pumili ng plano ..... 10

E1. Paano manatili sa aming plano ..... 10

E2. Paano lumipat ng plano ..... 10

**F.** Paano makatanggap ng tulong ..... 13

F1. Paghingi ng tulong sa Molina Dual Options ..... 13

F2. Paghingi ng tulong sa broker ng pagpapatala sa estado ..... 13

F3. Paghingi ng tulong sa Cal MediConnect Ombuds Program ..... 14

F4. Paghingi ng tulong sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod sa Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program) ..... 14

F5. Paghingi ng tulong sa Medicare ..... 14

F6. Paghingi ng tulong sa Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Managed Health Care) ..... 15

## A. Mga Disclaimer

- Maaaring may mailapat na mga limitasyon, copay at paghihigpit. Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Molina Dual Options sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., sa lokal na oras o basahin ang Handbook ng Miyembro ng Molina Dual Options. Ibig sabihin nito ay maaaring kailanganin ninyong bayaran ang ilang serbisyo at sundin ang ilang partikular na panuntunan upang bayaran ng Molina Dual Options ang inyong mga serbisyo.
- Maaaring magbago ang Listahan ng mga Saklaw na Gamot at/o parmasya at mga network ng tagapagbigay ng serbisyo sa kabuuan ng taon. Magpapadala kami sa inyo ng abiso bago kami gumawa ng pagbabagong makakaapekto sa inyo.
- Maaaring magbago ang mga benepisyo at/o copay sa Enero 1 ng bawat taon.
- Ang Molina Healthcare ay sumusunod sa naaangkop na mga batas ng Pederal sa mga karapatang sibil at hindi magtatangi batay sa lahi, etnisidad, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, seks, edad, mental o pisikal na kapansanan, katayuan ng kalusugan, pagtanggap ng pangangalagang pangkalusugan, mga karanasan sa paghahabol, medikal na kasaysayan, impormasyong henetiko, katibayan ng kuwalipikasyong maiseguro, heograpikong lokasyon.

## B. Pagsusuri sa inyong saklaw sa Medicare at Medi-Cal para sa susunod na taon

Mahalagang suriin ang inyong saklaw upang matiyak na matutugunan pa rin nito ang inyong mga pangangailangan sa susunod na taon. Kung hindi nito natutugunan ang inyong mga pangangailangan, magagawa ninyong umalis sa plano. Sumangguni sa seksyon E2 para sa higit pang impormasyon.

Kung pipiliin ninyong umalis sa Molina Dual Options, matatapos ang inyong pagiging miyembro sa huling araw ng buwan kung kailan ninyo inihain ang inyong kahillingan.

Kung aalis kayo sa aming plano, mananatili pa rin kayo sa mga programa ng Medicare at Medi-Cal hangga't nananatili kayong karapat-dapat.

- Kayo ang pipili kung paano ninyo gustong makuha ang inyong mga benepisyo sa Medicare (sumangguni sa pahina 10).
- Matatanggap ninyo ang inyong mga benepisyo sa Medi-Cal sa pamamagitan ng pipiliin ninyong pinamamahalaang planong pangangalaga ng Medi-Cal (sumangguni sa pahina 13 para sa higit pang impormasyon).

**B1. Mga karagdagang mapagkukunan**

- ATTENTION: If you speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call (855) 665-4627, TTY: 711, Monday – Friday, 8 a.m. to 8 p.m., local time. The call is free.
- ATENCIÓN: si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1-855-665-4627 (TTY: 711).
- CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số 1-855-665-4627 (TTY: 711).
- PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-855-665-4627 (TTY: 711).
- ملحوظة: إذا كنت تتحدث اللغة العربية فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. اتصل برقم 1-855-665-4627(رقم هاتف الصم والبكم: 711).

- Makukuha ninyo ang *Abiso ng mga Taunang Pagbabago* na ito nang libre sa iba pang mga format, gaya ng malaking print, braille, o audio. Tumawag sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Libre ang tawag.
- Maaari ninyong hilingin na ipadala namin palagi sa inyo ang impormasyon sa wika o format na kailangan ninyo. Tinatawag itong palagiang kahilingan. Susubaybayan namin ang inyong palagiang kahilingan, para hindi na ninyo kailanganing gumawa ng mga hiwalay na kahilingan sa bawat pagkakataongmay ipapadala kaming impormasyon sa inyo.

- Upang makakuha ng dokumentong ito sa ibang wika maliban sa Ingles, mangyaring makipag-ugnayan sa Estado sa (800) 541-5555, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m., lokal na oras upang ma-update ang inyong rekord sa gustong wika. Upang makakuha ng dokumentong ito sa alternatibong format, mangyaring makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras. Matutulungan kayo ng isang kinatawang gawin o baguhin ang palagiang kahilingan. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa inyong Tagapamahala ng Kaso para sa tulong sa mga palagiang kahilingan.

**B2. Impormasyon tungkol sa Molina Dual Options**

- Ang Molina Dual Options Cal MediConnect Plan Medicare-Medicaid Plan ay isang planong pangkalusugang nakikipagkontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal upang magbigay ng mga benepisyo ng parehong programa sa mga nagpapatala.

- Kinukuwalipika ng saklaw sa ilalim ng Molina Dual Options ang saklaw sa kalusugan na tinatawag na “minimum na mahalagang saklaw” (minimum essential coverage). Nakakatugon ito sa iniaatas na responsibilidad sa bawat indibidwal ng Patient Protection and Affordable Care Act (ACA). Bisitahin ang website ng Serbisyo sa Panloob na Kita (Internal Revenue Service o IRS) sa www.irs.gov/affordable-care-act/individuals-and-families para sa higit pang impormasyon tungkol sa iniaatas na responsibilidad sa bawat indibidwal.
- Ang Molina Dual Options ay iniaalok ng Molina Healthcare. Kapag nabanggit sa *Taunang Abiso sa mga Pagbabago* na ito ang mga salitang “kami,” “namin” o “amin,” tinutukoy nito ang Molina Healthcare. Kapag ginagamit nito ang salitang “ang plano” o “aming plano,” tinutukoy nito ang Molina Dual Options.

**B3. Mahahalagang bagay na dapat gawin:**

- **Tingnan kung may anumang pagbabago sa aming mga benepisyo na maaaring makaapekto sa inyo.**
  - Mayroon bang anumang pagbabago na nakakaapekto sa mga serbisyong ginagamit ninyo?
  - Mahalagang suriin ang mga pagbabago sa benepisyo upang matiyak na mapapakinabangan ninyo ang mga ito sa susunod na taon.
  - Tingnan ang seksyon D para sa impormasyon tungkol sa mga pagbabago ng benepisyo para sa aming plano.
- **Tingnan kung may anumang pagbabago sa aming inireresetang gamot na maaaring makaapekto sa inyo.**
  - Masasaklaw ba ang inyong mga gamot? Nasa magkaibang baitang ba ang mga ito? Maaari ba kayong patuloy na bumili sa parehong mga parmasya?
  - Mahalagang suriin ang mga pagbabago upang matiyak na mapapakinabanagan ninyo ang aming saklaw sa gamot sa susunod na taon.
  - Tingnan ang seksyon D2 para sa impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa aming saklaw sa gamot.
- **Tingnan kung nasa aming network ang inyong mga tagapagbigay ng serbisyo at parmasya sa susunod na taon.**
  - Nasa network ba namin ang inyong mga doktor, kabilang ang inyong mga espesyalista? Ang inyong parmasya? Ang mga ospital o iba pang tagapagbigay ng serbisyong ginagamit ninyo?
  - Tingnan ang seksyon C para sa impormasyon tungkol sa aming *Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo at Parmasya*.
- **Isipin ang inyong kabuuang gastusin sa plano.**
  - Gaano kalaki ang kaibahan ng kabuuang mga gastos sa iba pang mga opsyon sa saklaw?
- **Pag-isipan kung nasisiyahan kayo sa aming plano.**

| **Kung mapagpasyahan ninyong manatili sa Molina Dual Options** | **Kung mapagpasyahan ninyong magbago ng mga plano:** |
|---|---|
| Kung gusto ninyong manatili sa amin sa susunod na taon, madali lang – wala kayong kailangang gawin. Kung wala kayong isasagawang pagbabago, awtomatiko kayong mananatiling nakatala sa aming plano. | Kung mapagpapasyahan ninyong mas matutugunan ng ibang saklaw ang inyong mga pangangailangan, maaari kayong lumipat ng plano (sumangguni sa seksyon E2 para sa higit pang impormasyon). Kung magpapatala kayo sa isang panibagong plano, magsisimula ang inyong bagong saklaw sa unang araw ng susunod na buwan. Tingnan ang seksyon E, pahina 10 upang matuto pa tungkol sa inyong mga mapagpipilian. |

## C. Mga pagbabago sa mga tagapagbigay ng serbisyo at parmasya na nasa network

Nagbago ang aming mga network ng tagapagbigay ng serbisyo at parmasya para sa 2022.

Lubos namin kayong hinihikayat na **suriin ang aming kasalukuyang *Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo at Parmasya*** upang malaman kung bahagi pa rin ba ng aming network ang inyong mga tagapagbigay ng serbisyo at parmasya. May makikitang na-update na *Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo at Parmasya* sa aming website sa www.MolinaHealthcare.com/Duals. Maaari din kayong tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., sa lokal na oras upang makakuha ng pinakabagong impormasyon ng tagapagbigay ng serbisyo, o upang humiling sa amin na magpadala sa inyo ng *Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo at Parmasya*.

Mahalagang alam ninyong nagsasagawa rin kami ng mga pagbabago sa aming network sa buong taon. Kung aalis ang inyong tagapagbigay ng serbisyo sa plano, may ilan kayong partikular na karapatan at proteksyon. Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa Kabanata 3 ng inyong *Handbook ng Miyembro*.

## D. Mga pagbabago sa mga benepisyo para sa susunod na taon

### D1. Mga pagbabago sa mga benepisyo para sa mga serbisyong medikal

Babaguhin namin ang aming saklaw para sa ilang partikular na serbisyong medikal sa susunod na taon. Inilalarawan ng talahanayan sa ibaba ang mga pagbabagong ito.

| | 2021 (sa taong ito) | 2022 (sa susunod na taon) |
|---|---|---|
| **Mga Hearing Aid** | **Hindi** nangangailangan ng Paunang Awtorisasyon. | **Maaaring** nangangailangan ng paunang awtorisasyon. |
| **Mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip** | **Hindi** nangangailangan ng Paunang Awtorisasyon. | **Maaaring** nangangailangan ng paunang awtorisasyon. |
| **Iba Pang Propesyonal sa Pangangalagang Pangkalusugan** | **Hindi** nangangailangan ng Paunang Awtorisasyon. | **Maaaring** nangangailangan ng paunang awtorisasyon. |
| **Outpatient na Pag-abuso sa Substance** | **Hindi** nangangailangan ng Paunang Awtorisasyon. | **Maaaring** nangangailangan ng paunang awtorisasyon. |
| **Over-the-counter (OTC)** | Ang allowance para sa over-the-counter (OTC) ay maidaragdag sa susunod na period. | Ang allowance para sa over-the-counter (OTC) ay **hindi** maidaragdag sa susunod na period. |
| **Mga Serbisyong Podiatry** | **Hindi** nangangailangan ng Paunang Awtorisasyon. | **Maaaring** nangangailangan ng paunang awtorisasyon. |
| **Mga Psychiatric na Serbisyo** | **Hindi** nangangailangan ng Paunang Awtorisasyon. | **Maaaring** nangangailangan ng paunang awtorisasyon. |
| **Supervised Exercise Therapy (SET)** | **Hindi** nangangailangan ng Paunang Awtorisasyon. | **Maaaring** nangangailangan ng paunang awtorisasyon. |

### D2. Mga pagbabago sa saklaw sa inireresetang gamot

**Mga Pagbabago sa aming Listahan ng Gamot**

Makikita ang isang napapanahong *Listahan ng Mga Saklaw na Gamot* sa aming website sa www.MolinaHealthcare.com/Duals. Maaari din kayong tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras para sa napapanahong impormasyon ng gamot o upang hilinging padalahan namin kayo ng *Listahan ng Mga Saklaw na Gamot*.

Ang *Listahan ng Mga Saklaw na Gamot* ay tinatawag ding “Listahan ng Gamot.”

Nagsagawa kami ng mga pagbabago sa aming Listahan ng Gamot, kasama ang mga pagbabago sa mga sinasaklaw naming gamot at mga pagbabago sa mga paghihigpit na nalalapat sa aming saklaw para sa ilang partikular na gamot.

Suriin ang Listahan ng Gamot **upang matiyak na sasaklawin ang inyong mga gamot sa susunod na taon**, at upang malaman kung magkakaroon ng anumang mga paghihigpit.

Kung maaapektuhan kayo ng isang pagbabago sa saklaw na gamot, hinihikayat namin kayong:

- Makipagtulungan sa inyong doktor (o sa iba pang tagapagreseta) upang makahanap ng ibang gamot na sinasaklaw namin.
  - Maaari kayong tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., sa lokal na oras upang humiling ng isang listahan ng mga saklaw na gamot na magagamit sa parehong kundisyon.
  - Maaaring makatulong ang listahan na ito sa inyong tagapagbigay ng serbisyo na makahanap ng saklaw na gamot na maaaring makatulong sa inyo.
- Makipagtulungan sa inyong doktor (o sa iba pang tagapagreseta) at hilingin sa planong gumawa ng isang pagbubukod upang masaklaw ang gamot.
  - Maaari kayong humiling ng pagbubukod bago sumapit ang susunod na taon at magbibigay kami sa inyo ng sagot sa loob ng 72 oras matapos naming matanggap ang inyong kahilingan (o ang pahayag ng suporta ng inyong tagapagreseta).
  - Upang malaman ang dapat gawin upang makahiling ng eksepsiyon, sumangguni sa Kabanata 9 ng *2022 Handbook ng Miyembro* o tumawag sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665- 4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.
  - Kung kakailanganin ninyo ng tulong sa paghiling ng pagbubukod, maaari kayong makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro o sa inyong Tagapangasiwa ng Kaso. Sumangguni sa Kabanata 2 at Kabanata 3 ng *Handbook ng Miyembro* upang matuto pa tungkol sa kung paano makipag-ugnayan sa inyong Tagapangasiwa ng Kaso.

Kung maaaprubahan ang inyong pagkakabukod sa pormularyo, aabisuhan kayo kung gaano katagal ang aabutin ng pag-apruba. Kadalasan, tumatagal nang isang taon bago maibigay ang mga pag-apruba. Kakailanganin ninyong humiling ng bagong pagbubukod sa pormularyo kapag nag-expire na ang inyong pag-apruba.

**Mga pagbabago sa mga halaga ng inireresetang gamot**

Walang magiging pagbabago sa halagang babayaran ninyo para sa mga inireresetang gamot sa 2022. Basahin ang nasa ibaba para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong saklaw sa inireresetang gamot.

Ipinapakita ng sumusunod na talahanayan ang inyong mga gastusin para sa mga gamot sa bawat isa sa aming tatlong (3) baitang ng gamot.

| | 2021 (sa taong ito) | 2022 (sa susunod na taon) |
|---|---|---|
| **Mga Gamot sa Baitang 1**<br>(Mga Generic na Gamot)<br>Gastusin para sa isang buwang supply ng gamot sa Baitang 1 na pinupunan sa isang parmasya na nasa network | Ang inyong copay para sa isang buwang (31 araw) supply ay **$0 kada reseta**. | Ang inyong copay para sa isang buwang (31 araw) supply ay **$0 kada reseta**. |
| **Mga Gamot sa Baitang 2**<br>(Mga branded na gamot)<br>Gastusin para sa isang buwang supply ng gamot sa Baitang 2 na pinupunan sa isang parmasya na nasa network | Ang inyong copay para sa isang buwang (31 araw) supply ay **$0 kada reseta**. | Ang inyong copay para sa isang buwang (31 araw) supply ay **$0 kada reseta**. |
| **Mga Gamot sa Baitang 3**<br>(Mga Rx/OTC na gamot na hindi Medicare)<br>Gastusin para sa isang buwang supply ng gamot sa Baitang 3 na pinupunan sa isang parmasya na nasa network | Ang inyong copay para sa isang buwang (31 araw) supply ay **$0 kada reseta**. | Ang inyong copay para sa isang buwang (31 araw) supply ay **$0 kada reseta**. |

# E. Paano pumili ng plano

### E1. Paano manatili sa aming plano

Umaasa kaming mananatili kayong miyembro sa susunod na taon.

Wala kayong dapat gawin upang manatili sa inyong planong pangkalusugan. Kung hindi kayo magpapatala sa ibang Cal MediConnect plan, lilipat sa Medicare Advantage Plan, o lilipat sa Original Medicare, awtomatiko kayong mananatiling nakatala bilang miyembro ng aming plano para sa 2022.

### E2. Paano lumipat ng plano

Maaari ninyong tapusin ang inyong pagiging miyembro anumang oras sa buong taon sa pamamagitan ng pagpapatala sa isa pang Medicare Advantage Plan, pagpapatala sa isa pang Cal MediConnect plan, o paglipat sa Original Medicare.

**Paano ninyo matatanggap ang mga serbisyo mula sa Medicare**
Magkakaroon kayo ng tatlong opsyon sa pagtanggap ng inyong mga serbisyo mula sa Medicare. Sa pamamagitan ng pagpili ng isa sa mga opsyon na ito, awtomatiko ninyong matatapos ang inyong pagiging miyembro sa aming Cal MediConnect plan:

| | |
|---|---|
| **1. Maaari kayong lumipat sa:**<br><br>**Isang planong pangkalusugan ng Medicare gaya ng isang Medicare Advantage plan o, kung makakatugon kayo sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado at nakatira kayo sa pinagseserbisyuhang lugar, isang Programa ng Pangkalahatang Pangangalaga para sa Mga Nakatatanda (Program of All-inclusive Care for the Elderly o PACE)** | **Ganito ang dapat gawin:**<br><br>Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048<br><br>Para sa mga tanong hinggil sa PACE, tumawag sa 1-855-921-PACE (7223).<br><br>Kung kailangan ninyo ng tulong o karagdagang impormasyon:<br><br>• Tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod sa Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program o HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o para makakita ng lokal na opisina ng HICAP sa inyong lugar, pakibisita ang www.aging.ca.gov/HICAP/.<br><br>Awtomatiko kayong aalisin sa pagkakatala sa Molina Dual Options kapag nagsimula ang inyong saklaw sa bagong plano. |
| **2. Maaari kayong lumipat sa:**<br><br>**Original Medicare na may kasamang hiwalay na plano sa inireresetang gamot sa Medicare** | **Ganito ang dapat gawin:**<br><br>Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.<br><br>Kung kailangan ninyo ng tulong o karagdagang impormasyon: |

| | |
|---|---|
| | • Tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod sa Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program o HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o para makakita ng lokal na opisina ng HICAP sa inyong lugar, pakibisita ang www.aging.ca.gov/HICAP/.<br><br>Awtomatiko kayong aalisin sa pagkakatala sa Molina Dual Options kapag nagsimula ang inyong saklaw sa Original Medicare. |
| **3. Maaari kayong lumipat sa:**<br><br>**Original Medicare na walang kasamang hiwalay na plano sa inireresetang gamot sa Medicare**<br><br>**TANDAAN:** Kung lumipat kayo sa Original Medicare at hindi kayo magpapatala sa isang hiwalay na plano sa inireresetang gamot ng Medicare, maaari kayong itala ng Medicare sa isang plano sa gamot, maliban kung magsasabi kayo sa Medicare na ayaw ninyong sumali.<br><br>Dapat lang ninyong alisin ang saklaw sa inireresetang gamot kung mayroon kayong saklaw sa gamot mula sa iba pang mapagkukunan, gaya ng employer, o unyon. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa pagkakaroon ng saklaw sa gamot, tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod sa Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program o HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o para makakita ng lokal na opisina ng HICAP sa inyong lugar, pakibisita ang www.aging.ca.gov/HICAP/. | **Ganito ang dapat gawin:**<br><br>Tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.<br><br>Kung kailangan ninyo ng tulong o karagdagang impormasyon:<br><br>• Tumawag sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod sa Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program o HICAP) ng California sa 1-800-434-0222, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Para sa higit pang impormasyon o para makakita ng lokal na opisina ng HICAP sa inyong lugar, pakibisita ang www.aging.ca.gov/HICAP/.<br><br>Awtomatiko kayong aalisin sa pagkakatala sa Molina Dual Options kapag nagsimula ang inyong saklaw sa Original Medicare. |

**Paano kayo makakakuha ng mga serbisyo ng Medi-Cal**

Kung aalis kayo sa aming Cal MediConnect plan, patuloy ninyong matatanggap ang inyong mga serbisyo sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Molina Healthcare maliban kung pumili kayo ng ibang plano para sa inyong mga serbisyo ng Medi-Cal. Kasama sa inyong mga serbisyo sa Medi-Cal ang karamihan ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta at pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali.

Kapag hiniling ninyong tapusin ang inyong pagiging miyembro sa aming Cal MediConnect Plan, kakailanganin ninyong ipaalam sa Health Care Options kung aling pinamamahalaang planong pangangalaga ng Medi-Cal ang gusto ninyong salihan. Maaari kayong tumawag sa Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 am hanggang 6:00 pm. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-800-430-7077.

## F. Paano makatanggap ng tulong

### F1. Paghingi ng tulong mula sa Molina Dual Options

May mga tanong? Narito kami upang tumulong. Mangyaring tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627 (TTY lang, tumawag sa 711). Matatawagan kami sa telepono Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., sa lokal na oras. Libre ang mga tawag sa mga numerong ito.

**Basahin ang inyong *2022 Handbook ng Miyembro***

Ang *2022 Handbook ng Miyembro* ay ang legal at detalyadong paglalarawan sa mga benepisyo ng inyong plano. Naglalaman ito ng mga detalye tungkol sa mga benepisyo sa susunod na taon. Ipinapaliwanag dito ang inyong mga karapatan at ang mga panuntunang kailangan ninyong sundin upang matanggap ang mga saklaw na serbisyo at inireresetang gamot.

Ang updated na kopya ng *2022 Handbook ng Miyembro* ay makikita palagi sa aming website sa www.MolinaHealthcare.com/Duals. Maaari din kayong tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes - Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras upang hilingin sa aming magpadala sa inyo ng 2022 *Handbook ng Miyembro*.

**Ang aming website**

Maaari din ninyong bisitahin ang aming website sa www.MolinaHealthcare.com/Duals. Bilang paalala, makikita sa aming website ang pinakanapapanahong impormasyon tungkol sa tagapagbigay ng serbisyo at parmasya na nasa network (*Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo at Parmasya*) at ang aming Listahan ng Gamot (*Listahan ng mga Saklaw na Gamot*).

### F2. Paghingi ng tulong sa broker ng pagpapatala sa estado

Matutulungan kayo ng Medi-Cal Health Care Options kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa pagpili ng Cal MediConnect plan o iba pang isyu sa pagpapatala. Maaari kayong tumawag sa Health Care Options sa 1-844-580-7272, Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 am hanggang 6:00 pm. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-800-430-7077.

### F3. Paghingi ng tulong sa Cal MediConnect Ombuds Program

Maaari kayong tulungan ng Programang Cal MediConnect ng Ombudsman kung nagkakaroon kayo ng problema sa Molina Dual Options. Ang mga serbisyo ng ombudsman ay libre. Ang Cal MediConnect Ombuds Program ay:

- Kumikilos bilang tagapagtaguyod sa inyong ngalan. Masasagot nila ang inyong mga tanong kung mayroon kayong problema o reklamo, at matutulungan nila kayong maunawaan kung ano ang dapat gawin.
- Tinitiyak nitong nalalaman ninyo ang impormasyong nauugnay sa inyong mga karapatan at proteksyon at kung paano malulutas ang inyong mga alalahanin.
- Hindi ito konektado sa amin o sa alinmang kumpanya ng seguro o planong pangkalusugan. Matatawagan ang Cal MediConnect Ombuds Program sa 1-855-501-3077.

### F4. Paghingi ng tulong sa Programang Pagpapayo at Pagtataguyod sa Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program)

Maaari din ninyong tawagan ang Programa ng Tulong sa Segurong Pangkalusugan ng Estado (State Health Insurance Assistance Program o SHIP). Sa California, ang SHIP ay tinatawag na Programang Pagpapayo at Pagtataguyod sa Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Counseling and Advocacy Program o HICAP). Makakatulong sa inyo ang mga tagapayo ng HICAP na maunawaan ang inyong mga mapagpipilian sa Cal MediConnect plan at masagot ang inyong mga tanong tungkol sa paglipat sa mga plano. Ang HICAP ay hindi konektado sa amin o sa alinmang kompanya ng seguro o planong pangkalusugan. Ang HICAP ay mayroong mga nagsanay na tagapayo sa bawat county, at ang mga serbisyo ay libre. Matatawagan ang HICAP sa 1-800-434-0222. Para sa higit pang impormasyon o para makakita ng lokal na tanggapan ng HICAP sa inyong lugar, pakibisita ang www.aging.ca.gov/HICAP/.

### F5. Paghingi ng tulong sa Medicare

Upang direktang makakuha ng impormasyon mula sa Medicare, maaari kayong tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

#### Website ng Medicare

Maaari ninyong bisitahin ang website ng Medicare (www.medicare.gov). Kung pipiliin ninyong umalis sa pagkakatala sa inyong Cal MediConnect plan at magpatala sa isang Medicare Advantage plan, may makikitang impormasyon tungkol sa mga gastusin, saklaw, at rating sa kalidad sa website ng Medicare na makakatulong sa inyong paghambingin ang mga Medicare Advantage plan. Maaari kayong makakita ng impormasyon tungkol sa mga available na Medicare Advantage plan sa inyong lugar sa pamamagitan ng Medicare Plan Finder sa website ng Medicare. (Para sa impormasyon tungkol sa mga plano, sumangguni sa www.medicare.gov at mag-click sa “Find plans” [Hanapin ang mga plano])

#### *Ang Medicare at Ikaw 2022*

Maaari ninyong basahin ang handbook na *Medicare at Ikaw 2022*. Bawat taon tuwing taglagas, ipinapadala ang booklet na ito sa mga taong may Medicare. Makakakita rito ng buod ng mga benepisyo,

karapatan at proteksyon mula sa Medicare, at ng mga sagot sa mga madalas itanong tungkol sa Medicare. Kung wala kayong kopya ng booklet na ito, maaari ninyo itong makuha sa website ng Medicare (https://www.medicare.gov) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048.

### F6. Paghingi ng tulong sa Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Managed Health Care)

Ang Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Managed Health Care) ng California ang responsable sa pangangasiwa sa mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung may karaingan kayo laban sa inyong planong pangkalusugan, dapat muna ninyong tawagan ang inyong planong pangkalusugan sa (855) 665-4627, TTY: 711, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras at gamitin ang proseso ng karaingan ng inyong planong pangkalusugan bago kayo makipag-ugnayan sa departamento. Kahit gamitin ninyo ang proseso para sa karaingan na ito, hindi ipagkakait sa inyo ang anumang potensyal na legal na karapatan o remedyo na maaari ninyong gamitin. Kung kailangan ninyo ng tulong sa karaingang nauugnay sa isang emergency, karaingang hindi kasiya-siyang naresolba ng inyong planong pangkalusugan, o karaingang hindi pa rin nareresolba pagkalipas ng mahigit 30 araw, maaari kayong tumawag sa Departamento para sa tulong. Maaari din kayong maging kwalipikado para sa isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR, Independent Medical Review). Kung kwalipikado kayo para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng isang walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na pagpapasya na ginawa ng isang planong pangkalusugan na nauugnay sa medikal na pangangailangan ng isang iminumungkahing serbisyo o panggagamot, mga pagpapasya sa saklaw para sa mga pang-eksperimento o sinisiyasat na panggagamot at hindi pagkakasundo sa pagbabayad para sa mga pang-emergency o agarang serbisyong medikal. Ang departamento ay mayroon ding toll-free na numero ng telepono (1-888-466-2219) at linya para sa TDD (1-877-688-9891) para sa mga may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng departamento na www.dmhc.ca.gov ay may mga form sa pagrereklamo, form ng aplikasyon sa IMR, at mga tagubilin online.

CAD01ACTL0921S

CAH867701ATL22